**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kaya importante din ang system ninyo kasi makikita doon yung duplication. Kasi possible na member sa Dulong Bayan, member din sa Maliksi, maaring ganun, kaya magulo yung listahan. Kung ganito yung gawin natin, okay ba sainyo ganito, ang central database sa MIS, together with BMIS kasi sa technical naman kayo, ang listahan irerequire natin ang barangay, OSCA, na magsumbit ng listahan sa CSWD, tapos irerequire namin ang CSWD na taon-taon ivavalidate ninyo sa barangay, kasi baka may namatay na nga, baka may lumipat na, tapos lahat ng listahan, na nasa CSWD, kailangan ibigay ninyo sa MIS para ma centralized natin. Makikita ngayon ng MIS doon sa listahan nila kung maconsolidate nila yan, makikita nila kung sino hindi nagpaparegister dito sa system ninyo, para ma call natin yung attention, tapos magiging iisa nalang yung listahan natin, makikita natin pareho yung listahan pero kayo magproprovide nun, kayo ang verification, kasi importante sainyo yung verification, kasi sainyo manggagaling yun sa mga sector na ito. So kailangan precise ang listahan ninyo kaya, ibibgay namin sainyo first hand yung listahan para yun yung basis ninyo doon sa mga bibigyan ninyo. Okay ba sa CSWD yun?"

**CSWD STAFF** "Yes po, ganun na rin naman po yung ginagawa namin."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kasi may listahan na kayo, may safe keeping tayo ng listahan, tapos yung system ng MIS at BMIS, makakatulong yun papunta sainyo, kailangan din naman information, yung listahan na ibibigay sainyo, kasi may other sources pa kayo ng listahan, tapos malilinis ng system ninyo, iproprovide ninyo sa CSWD naman. Kailangan accessible sa CSWD yun, pwede ba yun?"

**MIS STAFF** "Yes po, bale may same approach po na ginagamit nila, palmiyar naman po si CS like po yung sa GL namin, centralized din po iyon at naaccess po yun through online, at hindi po nadodoble ang records po. Apply nalang po natin doon sa magiging list."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Sa masterlist?"

**MIS STAFF** "Opo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Pwede niyo kaya sila iprovide ng system para doon sa mga list ng mga sectors na ito. Para hindi doble trabaho sa kanila. Puwede kaya yun?"

**MIS STAFF** "Bale konsi, ang gagawin nalang po magbigay lang po ng listahan po, siguro po pag may bago, report nalang po namin, cross-match kung may duplicate or wala."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Then iproprovide niyo sa kanila yun?"

**MIS STAFF** "Opo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Anong opinion niyo?"

**CSWD STAFF** "Wala naman pong problema doon pagdating sa pagpasa ng listahan kay MIS po, siguro ang suggestion ko nalang po at magkaroon po tayo ng date para po sa barangay, example po, quarterly sila magpasa ng updates kung sino na po yun mga senior citizen po na nasasakupan nila, kung sinu-sino po yung mga deceased po, transfer to in other barangays para atleast quarterly po ay updated yung data natin. Icoconsolidated namin lahat ng ipapasa ni barangay then after maconsolidate po ifoforward po namin kay MIS, para yun po yung maging basis doon sa updating po ng master list natin, para every quarters po ay talaga pong dense yung data natin pag dating kay senior citizen."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Itong mandato natin sa ngayon, para sa barangay, kasi pag sa association, malabo yun, so sa barangay kasi gobyerno din ang barangay."



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
ACT ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

**CSWD STAFF** "Yes po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Pero directly, papunta sainyo ha? Sa CSWD."

**CSWD STAFF** "Yes po, sa amin po, and let's say marami po kasi yung senior citizen sa barangay na hindi po talaga sila member ng association."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Anyway, okay sainyo ibibigay? Okay lang ba magkaroon kayo ng parang mag-usap kayo, isulat niyo na kung ano yung step-by-step, yung agreed niyong step-by-step, tapos bigay niyo sa committee para yun ang ilagay namin sa ordinansa. Kasi hindi namin alam yung mga bagay-bagay, kasi kayo yung naghahadle. Okay lang ba sainyo? Na ididirect kayo ng committee na ito na mag conduct kayo ng meeting, kailan ba kayo puwede? Kayo-kayo lang. idirect natin, para siguradong may meeting. Bukas ba puwede kayong mag meeting? Kung saan, sa CSWD, sa MIS or sa BMIS ba?"

**CSWD STAFF** "Puwede naman po, informed ko nalang po si ma'am Lilian po for the meeting with MIS."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Hindi, kailangan may confirmation ngayon, kasi ididirect kayo ng committee na mag conduct kayo ng meeting, kasi kung maghihintayan walang mangyayari, sabihin niyo na. pag-usapan niyo lang yung steps kung papaano niyo malilinis, yung sistema ng collection of data, pagrerestore ng data, kasi kayo mas higit na nakakaalam niyan, anyway, kailan puwede? Sa MIS nalang? Doon nalang sainyo?"

**MIS STAFF** "Opo. Para maadvise din po si sir Lodgene po, kahit afternoon po, 1 pm, tomorrow po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Available ka tomorrow?"

**CSWD STAFF** "Okay po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Yung office of the CSWD, BMIS, MIS directed by this committee to conduct a meeting tomorrow, 1 pm at MIS Office, para himayin, ilista, at isubmit sa committee yung inyong proposed step sa paglilinis ng listahan. Yung sa senior, ibababa nalang sa kanila, kasi technical muna tayo ngayon. After that, saka natin ikokonsulta sa kanila, pero tingin yun na din yun. Any opinion or manifestation from the members of the council? Kung may gusto kayong sabihin? Councilor Nolasco?"

**COUN. ROGELIO NOLASCO** "Mr. Chair, okay po yun, dapat mag usap-usap yung tatlo kasi base din kasi sa mga experience, pagdating ng ayuda, minsan diyan nagagalit yung iba, kasi mayroon tayong senior na dumederekta na sa office ng OSCA, para kumuha ng ID, hindi na rin dumadaan sa barangay or doon sa president ng senior citizen ng barangay, minsan naman, walang record doon sa DSWD, kaya dapat talagang icoordinate yung listing ng OSCA sa DSWD, katulad ng panahon namin, iba yung record na galing sa DSWD, dahil doon manggagaling yung ayuda, iba din yung sa OSCA, so Maganda yun maisaayos na, para wala ng magdadamdam na senior citizen tulad namin, okay, thank you Mr. Chair."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ang management ng list, CSWD, ang storage, MIS, tapos iproprovide nalang sa OSCA, si PWD office at Solo parent office ng listahan na galing sainyo kasi yung data na macocollect ng CSWD, ay naverify na rin sa barangay, kasi may validation silang ginagawa. Diba mas maganda yun? Kasi pag OSCA ka lang, yung sinubmit lang yun ng



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
ACT
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

presidente, kaya na ngayon ang mag proprovide sa OSCA. Tutal ang pondo naman na binibigay sa programa sa OSCA tulad ng Kalinga sa Matanda at sa iba pa, at similar social services natin ay CSWD ang nagmamanage, at sila ang may kailangan ng saktong listahan. Kaya kayo ng mag provide ng listahan sa kanila din. Yun ang pinaka Magandang gawin. Tapos si MIS naman, sa kanya yung storage at yung mga system para maayos yung listahan at yung BMIS, magtulungan kayo. Tapos si BMIS, may mga barangay, doon pumupunta sainyo diba? Dapat may coordination din kayo sa listahan para parehas."

**COUN. ROGELIO NOLASCO** "At saka Mr. Chair, dagdag ko rin, mayroon kasing nagdodoble yung ID, may ID na siya sa senior citizen, may ID pa sa PWD, at least ngayon malilinis na. Thank you po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Yes, malilinis na yun. Si BMIS at MIS ay malilinis nila yun. Tsaka aging yung record diba? Pag nag birthday at senior na automatic na yun, nandoon na din sa senior citizen yun. Pero ang kagandahan dun, yung ginagawa ng CSWD precise yun, kung ano yung sa system nila, ivavalidate pa nila sa barangay, mas malilinis, tapos babalik sa MIS, mas linis ang listahan, isang listahan lang, okay na ba sa atin yun? Pero maghihintay kami ng report ninyong tatlo ha, kung paano yung sistema, kahit sulat-kamay lang bigay niyo sa amin. So, sa huwebes mag memeet tayo ulit, para ifinalize kung ano yung pinag-usapan ninyo. Attorney Marco ano opinion mo dito? Legal ba itong ginagawa namin?"

**ATTY. REY MARCO MENDOZA** "We will reserved yung question naming doon nalang sa proposed ordinance by next week kasi for th mean time we're talking about technicality to the system po, kasi may isang concern kami doon sa isang provision ng proposed ordinance."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Alin doon?"

**ATTY. REY MARCO MENDOZA** "Yung sa section six."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Section six? Yung subscription fee?"

**ATTY. REY MARCO MENDOZA** "Yes po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Yun lang may bayad."

**ATTY. REY MARCO MENDOZA** "Ang question namin is we are allowing business establishments to have access kasi to the directories, which may contain confidential data ng mga senior citizen, PWDs, and other individuals na marerecord doon sa system, we have to remember na may data privacy act, wherein the data subject must be secured with their consent before tayo mag disclosed ng data."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ayun na nga."

**ATTY. REY MARCO MENDOZA** "Hindi po ba?"

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "May problema nga talaga doon."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ang subscription fee is iimposed yun sa mga business establishment, hindi naman sa mga registrants natin, kaya lang, tama ka naman doon attorney, baka magkaroon tayo ng violation sa data privacy act. Pero anyway, tapusin muna natin ito para ayos na muna para after that pumunta tayo sa legal issues. So, we will be expecting your



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
ACT ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

report nect Thursday, so thank you very much. Any other question? Bnaka may gusto kayong itanong? Wala na?"

**MIS STAFF** "Clarify ko lang po sa legal, attorney, bale po kasi ang solution po namin ni boss regarding po doon sa data privacy, we implemented dynamic QR codes, same sa solidarity, so proposal nlang din namin, instead of imposing subscription fee sa establishment to access the list which is against po doon, kaya po right now, ang solution po namin doon is ung dynamic QR code, once you scan it po mavavalidate mo na without using other account, limited lang po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Siguro sa next nalang muna ya, unahin nalang muna natin ito. Kasi itong ordinansang ito kailangan maayos muna natin yung listahan bago tayo pumunta sa ibang issues, para pag naresolved na lahat ng issues, kung listahan wala sa ayos, wala din. Anyway, any other issues, concern? Wala na? motion for the suspension of this hearing? Yes, councilor Bautista, you've been recognized."

**COUN. MIGUEL BAUTISTA** "So, with that, since we don't any matters to tackle or discussed, I moved for the suspension of this hearing."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "It has been moved by the Honorable Bautista, that this hearing be suspended, any second to the motion? Any objection? Hearing none. Therefore, this hearing is suspended."

The committee hearing ended at exactly 2:20 p.m.

Prepared by:

RONALDO M. VERONA
Office Staff

Attested by:

**COUNCILOR REYNALDO C. PALABRICA**
Chairman



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
ACT
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

Republic of the Philippines
Province of Cavite
**CITY OF BACOOR**
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

BAGONG PILIPINAS
AWARDEE 8 years in a row!

***Committee on Health and Sanitation***
**NOTICE OF COMMITTEE HEARING**
(October 23, 2025 2:00 PM)
(SP Session Hall)

**Subject:** *AN ORDINANCE FORMULATING THE SYSTEM OF CLEANSING THE DIRECTORY OF SENIOR CITIZENS, PERSONS WITH DISABILITIES AND SOLO PARENTS RESIDING IN THE CITY OF BACOOR, CAVITE AND MANDATING THE REGISTRATION OF THE SAID INDIVIDUALS IN THE SAID DIRECTORIES.* ***(PCO No. 2025-026) dated (August 04, 2025).***

| | NAME | OFFICE | CONTACT # Email Address | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|---|
| 1. | HON. LEVY M. TELA | | | [signature] 10/20/25 |
| 2. | HON. ADRIELITO G. GAWARAN | | | [signature] 10/20/25 |
| 3. | HON. REYNALDO FABIAN | SP | | [signature] 10-17-2025 |
| 4. | HON. SIMPLICIO DOMINGUEZ | SP | | [signature] 10-17-25 |
| 5. | HON. HORACIO BRILLANTES JR. | | | |
| 6. | HON. ROGELIO NOLASCO | | | |
| 7. | Atty. KIM NYCA LOFRANCO | OCLS | 415 local | [signature] 10-17-25 |
| 8. | Mr. LODGENE ASUNCION<br>E-Governance Department | | | [signature] 10-17-25 2:14 pm |
| 9. | Mr. FERDINEIL ESGUERRA<br>BMIS | BMIS | | [signature] 2:15 10-17-25 |
| 10. | Ms. EMILIANA DR. UGALDE<br>CSWD | CSWD | | [signature] 10/17/25 2:16 pm |
| 11. | | | | |
| 12. | | | | |
| 13. | | | | |
| 14. | | | | |
| 15. | | | | |
| 16. | | | | |
| 17. | | | | |



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

*Committee on Health and Sanitation*

## ATTENDANCE OF COMMITTEE HEARING

(October 23, 2025 2:00 PM)
(SP Session Hall)

**Subject:** *AN ORDINANCE FORMULATING THE SYSTEM OF CLEANSING THE DIRECTORY OF SENIOR CITIZENS, PERSONS WITH DISABILITIES AND SOLO PARENTS RESIDING IN THE CITY OF BACOOR, CAVITE AND MANDATING THE REGISTRATION OF THE SAID INDIVIDUALS IN THE SAID DIRECTORIES.* **(PCO No. 2025-026) dated (August 04, 2025).**

| | NAME | OFFICE | CONTACT # Email Address | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|---|
| 1. | HON. LEVY M. TELA | | | [signature] |
| 2. | HON. ADRIELITO G. GAWARAN | | | |
| 3. | HON. REYNALDO FABIAN | | | [signature] |
| 4. | HON. SIMPLICIO DOMINGUEZ | | | [signature] |
| 5. | HON. HORACIO BRILLANTES JR. | | | [signature] |
| 6. | HON. ROGELIO NOLASCO | | | [signature] |
| 7. | Atty. KIM NYCA LOFRANCO | | | |
| 8. | Mr. LODGENE ASUNCION<br>E-Governance Department | | | |
| 9. | Mr. FERDINEIL ESGUERRA<br>BMIS CHRISTOPHER R. RIVERA | | | [signature] |
| 10. | Ms. EMILIANA DR. UGALDE<br>CSWD | | | [signature] |
| 11. | HON. RICARDO UGALDE | | | [signature] |
| 12. | HON. MIGUEL BAUTISTA | | | [signature] |
| 13. | ATTY. REY MARCO MENDOZA | OCCS | - | [signature] |
| 14. | Kim De Castro | EGOV | - | [signature] |
| 15. | Bill Allan Gaza | EGOV | | [signature] |
| 16. | | | | |
| 17. | | | | |
| 18. | | | | |

Republic of the Philippines
Province of Cavite

# CITY OF BACOOR

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

BAGONG PILIPINAS

AWARDEE 8 years in a row!

*PCO 2025-026 – AN ORDINANCE FORMULATING THE SYSTEM OF CLEANSING THE DIRECTORY OF SENIOR CITIZENS, PERSONS WITH DISABILITIES AND SOLO PARENTS RESIDING IN THE CITY OF BACOOR, CAVITE AND MANDATING THE REGISTRATION OF THE SAID INDIVIDUALS IN THE SAID DIRECTORIES.*












Republic of the Philippines
Province of Cavite
**CITY OF BACOOR**
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

BACONG PILIPINAS
AWARDEE 8 years in a row!

## COMMITTEE ON RULES AND PRIVILEGES, LAWS AND ORDINANCES

### MINUTES OF THE COMMITTEE HEARING

CRPLO-007-2025
PCO-2025-026

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenet Pring
Date: 15 JAN 2026
Time:

Subject: ***An ordinance formulating the system of cleansing the directory of Senior Citizens, Persons with Disabilities and Solo Parents residing in the City of Bacoor and mandating the registration of the said individuals in the said directories.***

***(Date referred: August 04, 2025)***

The Committee on Rules and Privileges, Laws, and Ordinances August Body the minutes of the committee hearing on the above-subject matter conducted last November 28, 2025, 9:00 a.m. at the Session Hall of the Sangguniang Panlungsod.

**MEMBERS OF THE COMMITTEE AND CITY COUNCILOR PRESENT:**

HON. REYNALDO PALABRICA - PRESIDING OFFICER
HON. ROGELIO NOLASCO
HON. SIMPLICIO DOMINGUEZ
HON. LEVY TELA
HON. HORACIO BRILLANTES JR.

**RESOURCE PERSONS:**

| | |
|---|---|
| LODGENE ASUNCION | - E-GOV |
| CHRISTOPHER RIVERA | - BMIS |
| ROSS ANIEL RUBION | - CSWD |
| ATTY. VENUS DE CASTRO | - OSCA |
| MERCY MANZAIDA | - OSCA |
| JOSE PAULO ORACION | - E-GOV/MIS |

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Good morning, everyone. The hearing regarding the proposed ordinance entitled **an ordinance formulating the system of cleansing the directory of Senior Citizens, Persons with Disabilities and Solo parents residing in the City of Bacoor and mandating the registration of the said individuals in the said directories** is now called to order."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Let's start, Lods, paano na ito?"

**LODGENE ASUNCION** "Good morning po, actually, marami po akong concern, dahil isa rin po ako sa inutasan ni Mayor na ayusin yung listahan. Unang-una, yung listahan natin, admitted natin sa CSWD, PWD, OSCA, kahit opisina namin, hindi talaga maalis sa listahan."



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
ACT
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS
0273

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "May kanya-kanyang listahan din kasi pero ayun nga."

**LODGENE ASUNCION** "Isa sa recommendations, based doon sa recommendations din ng CSWD, yung barangays, BMIS, OSCA. Ang recommendations nila sa amin, from the list of the barangays, mayroon listahan sa barangay, mayroon ding data base ang barangay, from there ifoforward sa CSWD, from the CSWD, iveverify sa dapat nila, kung resident or hindi, then yung second step is icocompile sa isang central database yung cleanse list ng Senior Citizens, hindi lang po yun, pati sa PWD at Solo Parent. Kanina po, nagdidiscuss na rin po kami sa naging dilemma namin previously, regarding sa implementing ng solidarity sticker, is yung residency ng mga seniors, pati sa barangays po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Minsan kasi iba nakatira sa Maliksi, naka member sa Kaingin, tapos sa listahan nasa Kaingin siya, pag naglistahan na pero nasa listahan pa rin ng Maliksi, pero may double entry din."

**LODGENE ASUNCION** "Yes po Konsi, okay lang naman po iyon kasi halimbawa, residente siya and multiple lang ang residency niya, mayroon siyang residente sa two or more barangays, pero major concern po namin, lalo na dito po sa listahan ay issuance po ng senior citizens ID, is the residency. Share ko lang po yung experience namin, mayroon po, pero hindi naman lahat, mayroon pong naiisyuhan ng barangay certificate of clearances or certificate of residency, pero hindi taga Bacoor, yun po yung isa sa mga concern namin, kasi may mga encounter po kami na madaming attempt na applications po na solidarity sticker nang non-Bacoor resident. Tapos naisyuhan ng barangay clearance, isa yun sa naging challenge namin, kaya naghigpit kami, kahit may barangay certificate ka, barangay ID ka, kung wala kang any government-issued ID that shows Bacoor address, so doon kami naghigpit, at naging problema din po namin kami yung naghihipit, pero kami yung namumura ng tao, bakit hindi namin sila inaccomodate, pero inusyahan sila ng barangay certificate, so yun yung naging dilemma namin that time, namumura kami, dahil bakit daw may ID naman sila ng barangay pero wala silang any government-issued ID ng Bacoor."

**LODGENE ASUNCION** "At ito pa pong isang experience namin, nangyari ito sa issuance ng senior citizens ID, hindi ko po sinasabing lahat po ng barangay po pero may iilang barangays po na mayroon silang accommodations, sabihin natin kaibigan, kamag-anak, in the different cities and municipalities, to have a benefits of seniors dito sa Bacoor, inaaccomodate nila, binibigyan nila ng barangay clearance, dito po siguro yung first step natin paano lilinisin, paano natin ieensure ang lahat ng iisyuhan ng barangay clearance ng barangay ay talagang residente ng Bacoor. Kasi ayaw din po nating masayang yung resources ng city of Bacoor, na naibibgay natin yung benepisyo sa hindi po natin residente. Isa po yan sa concern po ng office namin. Una po, first step, kailangan po nating maghigpit sa pagveverify sa mga residency ng mag aapply for senior citizens ID? Ano yung magiging penalty ng mga barangays na nakitaan natin ng ebidensiya na nag isyu sila ng certifications nay an ay hindi residente ng Bacoor."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Maglagay nalang penalty provision dito. Pag ayun ang concern, that to ensure yung authority of the barangays na abuse, so to prevent the abuse in the barangay on issuing clearances and other barangay forms, maglalagay tayo ng penalty para diyan. Ngayon, going back to this proposed ordinance, sayo lahat mapupunta yung list at inaatasan sa ordinansa lahat ng list ay magkaroon ng sharing, hindi puwede yung hindi pero, sainyo kasi yung pinaka database, sayo mapupunta, at kung kailang din nila, kailangan mong iprovide din sa kanila at nakalagay iyon sa ordinansa."

**LODGENE ASUNCION** "Yes po, actually o Konsi, yung process po namin ngayon, for all services, sa Senior Citizens, PWD, Solo Parent. Ang senior citizens po ay mayroon silang acess, correct me if I'm wrong po, alam ko po may access po sila, sa lahat ng iniisyuhan ng senior citizens ID, they have an access to the database, though kami po yung nag eencode, kami po yung nag preprocess, kami yung nag cacapture ng pictures/photographs ng mga applicants, we also give the access to the concern departments processing the applications and then katulad ng PWD, kung wala silang access sa database, hindi po nila kayang maisubmit yung list applications ng PWD ID sa central database sa national agency, yung Persons With Disability national office yun, so may access po sila doon, kasi hindi po porke naisyuhan sila ng PWD ID, ay puwede ng

magamit, kailangan pa rin pong isubmit yung application niya sa national through online din po yun."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ano yung take mo dito sa business section six? Subscription fee for access digital directories business establishments operating within Bacoor shall given online access in digital directories if they are duly authorize in writing to only use the said directories purpose in the above mentioned in section three, after paying a subscription fee of one thousand (Php 1,000.00) pesos."

**LODGENE ASUNCION** "Ano po Konsi, hindi ko po nirerecomend po ang subscription fee."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Parang ishashare natin yung data natin sa mga business establishments parang ganun yung sinasabi."

**LODGENE ASUNCION** "Hindi ko po nirerecommend po ito, hindi rin po ako ang nag rerekomenda na ilagay ito sa ordinansa, ito ay nakikita ko is parang hindi magandang impression sa city government, na binebenta natin yung data natin for a fee. So, parang binebenta natin yung data ng mga constituents natin sa mga business establishments, which is hindi magandang tignan and hindi natin alam baka magkaroon tayo ng violations, yung data privacy act, pertaining doon sa subscription na ipapasa nating ordinansa. Sa process po kasi natin ngayon, to be aware lang po kayo sa ginawa naming sistema, yung mga ID po na iniisyu sa mga senior citizens even PWD and Solo Parents, ay yung ID po na bago nila is you can verify the authenticity of the ID, using the QR Code sa online access, via QR code din po. So lahat po ng IDs na naissue na more than twenty thousand, lahat po yan ay naka QR Code na, if we going to cleanse the data, we will all require the senior citizens to apply for the senior citizens ID, para ito na yung proseso natin ng data cleansing, may maaccess na silang business establishments, kung yung ID po nila is official or legitimate po na ID na inisyu ng city government. Isa po yun sa pwede nating gawin, irequire po natin lahat ng senior citizen na mag apply ng bagong ID, kasi from there, ito na po yung magiging process ng data cleansing."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Tama, kumbaga yung dati, parang sa pera, idemonitize tapos mag print ng bago."

**LODGENE ASUNCION** "Yes po, isa po yun sa process."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "But it will have cost. Kinakailangan ng pera, kaya bang budgetan?"

**LODGENE ASUNCION** "Dapat po, hindi naman po ito ganun kadali, tulad po ten thousand po ang senior citizens natin, or more or less seventy thousand na, if ileless po natin yung naisyuhan na yung twenty thousand, we still have to issue fifty thousand more senior citizens ID, seniors citizen palang po ito, wala pang PWD, so additional fifty thousand more IDs yung kailangan natin. Para mabigyan lahat dito sa Bacoor. I believe hindi lang din fifty thousand yung senior citizens natin dito, naaabuso lang po ng ibang tao."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Bakit yung sa ayuda eighty thousand, sa DSWD. So hindi nauubos yung ayuda? According to the list na binudgetan, nasa eighty-two thousand, tinatanong ko yan sa ayuda, tama?"

**ROSS ANIEL RUBION** "Bale po ang budget po sa kalinga po ay one thousand per senior citizens."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Pero ang pinag-uusapan nilang bilang, pag tinatanong ko doon, eighty-two thousand yung sa budget."

**ROSS ANIEL RUBION** "Around seventy million po yun."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Sige, sabihin natin seventy, according to the estimate record na nahawak ng E-gov, twenty thousand lang."

**LODGENE ASUNCION** "For clarification po, yung twenty thousand yun po yung nag renew ng ID, yun na po yung may hawak ng bagong ID, you can verify the authenticity."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Dapat yung programa ng ayuda magamit natin yun para magparegister na kumuha ng ID, dapat ganun, kasi kung hindi ganun, hindi taloga malilinis ito, kasi iba-iba yung listahan, magulo, but anyway, we would like to acknowledge the presence of Councilor Bok Nolasco."

**COUN. ROGELIO NOLASCO** "Salamat po, magandang umaga po sa ating lahat."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Also the gentleman from Molino 5, Councilor Udoy Brillantes."

**COUN. HORACIO BRILLANTES Jr.** "Thank you, Mr. Chair, magandang umaga po sa ating lahat."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "The honorable gentleman from Dulong Bayan."

**COUN. LEVY TELA** "Good morning to all resource person present."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "And the committee chairman of Senior Citizen Affairs."

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ** "Magandang umaga po sa ating lahat."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So Lods, ang gagawin natin, alisin nalang natin ang subscription fee, kasi hindi katanggap-tanggap yun. Attorney Venus, ano pong masasabi mo?"

**ATTY. VENUS DE CASTRO** "Nakikinig po ako doon po sa observation ni sir Lodgene, and I agree kasi po yung experience namin sa OSCA, minsan po yung barangay certification, totoo po yung kanyang observation, nangyayari yan, pagkatapos po, mayroon pong senior citizen na mayroong ID sa Las Pinas tapos may ID din dito sa Bacoor, tulad ng isang senior citizen na malakas, tinanong namin siya, siya ay taga Manila, kaya yung observation ni sir Lodgene, totoo po talaga iyon, pero yung digitalization ang mangyayari yan, magkakaroon ng cleansing, kasi first step yan sa cleansing, kasi doon po sa amin, halimbawa, nawala yung ID, papalitan ng panibagong ID, yung number sa old at saka sa new, magkaiba, kaya lumalabas na parang dalawa ang nasa record nang iisang tao lang, tapos po, ang maganda sa digitalization parang it is very timely in this legislation, kasi it will enable the senior citizen to received twenty percent discount, kung nalimutan man yung ID, doon sa digitalization makikita agad na siya ay holder, qualified holder ng senior citizen ID. Pero magandang observation ng purpose ng batas, we should take on the consideration the Data Privacy Act kasi doon sa batas na yun, para madisclose mo yung information, kailangan ng express at written consent sa subject na kailangan. Kaya minsan naisip ko, doon sa application, halimbawa magkakaroon ng bago, hindi kaya magkaroon ng note or bracket na I agree..."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Parang may waiver na."

**ATTY. VENUS DE CASTRO** "Yes po, and answering with yes or no, magchecheck siya then magsisignature siya. That is already express and written consent para sa ganun para macomply tayo, pero nakikita ko, maganda naman itong digitalization, kasi ako mismo hindi ako nabibigyang twenty percent, hindi tulad nito, isang pindot nalang makikita na nila yung pangalan po. Parang timely at saka very recent to address the circumstance of the senior citizens."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Maganda nga sana, observation din na pag nawala yung ID, gumawa ulit ng bagong ID number. Dapat may lifetime ID number na."

**LODGENE ASUNCION** "Konsi, yung ID natin ngayon, across different, halimbawa may ID ka ng senior citizens, may ID ka ng PWD, isa nalang po yung ID number. Yun po yung gimawa nating sistema, yung isang residente natin, hindi na kailangan ng maraming ID number, parehas na po yang ID number, halimbawa po senior citizen siya, PWD, parehas po iyan ng ID number. Same as solo parent po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So, solve na tayo doon, so CSWD, okay na rin ba kayo? may comment ba kayo sa provision na nakalagay doon sa proposed ordinance?"

**ROSS ANIEL RUBION** "Sa akin naman po, agree naman po ako doon sa pagtanggal ng subscription fee, so ayun lang naman po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "BMIS?"

**CHRISTOPHER RIVERA** "Good morning sir, wala naman pong problema po doon."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Pag-aaralan nalang namin at natatanggalin ang isang provision na iyon, lahat tayo opposed, pangalawa, kung paano natin idadagdag sa ordinansa yung regulation and penalty sa mga barangay, na nag-issue ng barangay clearance na hindi naman taga doon sa kanila, may mga instances na may report. Okay lang ba sa barangay na dito sa ordinance ay ilalagay natin, para pag nag issue ang isang barangay, kahit sino doon ay nag issue, maglalagay tayo ng provision."

**COUN. RANDY FRANCISCO** "Okay naman po. Para maiwasan po, sa BMIS nakalagay doon kung taga ibang barangay ka, tapos kukuha ka, halimbawa taga Dulong Bayan ka, kukuha sa akin, pero naka register ka sa barangay, magpapaalam ka sa Dulong Bayan na lilipat ka ng barangay, ganun po yung nangyayari., hindi po pwede dalawa po, dapat ilipat ka ng barangay or else madedelete yung record mo doon sa dati."

**LODGENE ASUNCION** "Sa akin naman po, okay lang yung residente ng Bacoor, kahit nasaan siyang barangay, siguro mabigat na po yung penalty na kung proven na hindi taga Bacoor binigyan, saka po tayo magbigay ng penalty po sa mga barangay na mag certify na hindi taga Bacoor. Kasi ito naman, hindi natin maiiwasan yung mga residente natin sa Bacoor or migrants maitransfer sa iba't-ibang barangay, minsan hindi din nila alam iproseso sa barangay na kailangan magpalista sa barangay bago lumipat sa ganitong barangay, siguro acceptable naman po iyon, siguro yun lang pong mabigat na penalty."

**COUN. ROGELIO NOLASCO** "For example, yung isang residente ng isang barangay, lumipat ng Imus, pero dito pa rin rehistrado sa Bacoor, yung ganun cases allow pa rin bang magbigay ng certifications? Kasi sa atin naka register."

**LODGENE ASUNCION** "Isa po sa verification natin, para mas mabilis ang verification, once kung sila ay registered voter, pero kung inactive na siya or hindi siya naka rehistro, yun po ang titingnan natin kasi posibleng hindi taga Bacoor."

**COUN. ROGELIO NOLASCO** "Actually kung nailipat lang sila ng Imus pero dito pa rin naka rehistro, siguro possible na puwede pa ring bigyan dahil registered pa rin siya sa barangay na yun."

**LODGENE ASUNCION** "Yes po, once na active voter naman po."

**COUN. ROGELIO NOLASCO** "And also, puwede ba nating maimprove yung ID natin kasi ang ID natin ay nabubura yung pangalan. Example itong sa akin, nabubura yung apelyido at number."

**LODGENE ASUNCION** "If may naeexperience po kayong ganyan, irereprint nalang. Ipareprint nalang po namin."

**COUN. ROGELIO NOLASCO** "Okay, thank you."

**COUN. RANDY FRANCISCO** "May mga instances kasi yung iba may kamag-anak sa ibang bansa, mga senior na uuwi dito, and then gusto nilang i-avail yung senior cititzen habang nandito sila, puwede ba naming bigyang certification yun? Pero syempre one or two months lang sila dito, babalik pa ng ibang bansa, kasi may ganyang instances, puwede ba yun?"

**LODGENE ASUNCION** "Depende po sa konseho kung ano pong mapagkakasunduan pero puwede naman pong ilagay sa provision po ng IRR. Sa implementing of rules and regulation, puwede naman po natin incorporate yung recommemdations niyo, na to accommodate or to allow like OFW po, puwede natin ilalagay po doon."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Sa IRR nalang. Yes, attorney Venus?"

**ATTY. VENUS DE CASTRO** "Sa Republic Act No. 9994, puwede lang natin bigyan ng senior ID ay yung mga filipino citizen residing in the Philippines, sa particular barangay kasi po, kung ang senior citizen ay American citizen, nirerequire din namin ang submission ng dokumento na siya nga ay dual citizen, number one, petition for reacquisition Filipino citizenship, number two, certification from the office na mag-aapply sila, identification certificate yung number two. Number three, order of approval and number four cause of allegiance. Ngayon, ang sabi ni senior citizen ay marami naman niyan, kaya nirerequire nalang namin ay auto allegiance kapag mayroon yun, automatically yung 1, 2 and 3 macomply na. marami po kasing instances na dati po ay pinapayagan na mabigyan ng ID ng OSCA yung foreigner, provided na married siya sa isang Filipino citizen at saka may lupa dito na nagbabayad siya ng amilyar pero iyan ay kontra sa batas, kasi Filipino citizen residing in the Philippines. Yung tungkol po sa certifications na iniisyu na barangay certifications, na halimbawa nandito siya sa Bacoor, pagkatapos Imus ang kanyang certification, hindi po iyon pinahihintulutan, kasi kinakailangan yung senior citizen ay residente sa particular na barangay."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Mayroon kasing insidente taga rito sa atin, tapos syempre pag may edad na nagkakasakit na, walang mag-aalagang kaanak dito sa Bacoor, kinukuha muna nang kaanak doon sa Imus, pero ang kinikilalang residence niya ay Bacoor, may mga ganung instances."

**ATTY. VENUS DE CASTRO** "Tama naman po kayo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Not necessarily na nag register siya sa Imus, doon lang siya nagrereside doon sa Imus kasi doon may mag-aalaga sa kanya. Iba-iba yung mga sitwasyon diyan, the same with concern ni konsehal Randy, na galing sa abroad naman, two months lang dito, dito talaga yung hometown nila, kaya minsan gusto din nilang mag-avail ng Kalinga sa Matanda or any senior citizen program, yung twenty percent discount, hindi naman natin kailangan maging stiff, case to case basis nalang tayo, adjustable din tayo, kasi kung magiging stiff tayo masyado it may result to deprive our senior citizen from abroad in the rights being resident in the city. Pero ang tamang concern ni Lodgene, kung intentional, na taga Imus or taga ibang municipal o lugar tapos gusto lang maka avail ng serbisyo dito sa Bacoor, icecertify ni Kapitan para mapalabas na qualified sila dito sa Bacoor, yun ay mali, yun ay ilalagay natin sa penalty. Pero yung mga ganung sitwasyon, medyo okay na tayo doon."

**ATTY. VENUS DE CASTRO** "Yung dalawa po yung ID ng OSCA?"

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Opo, ilalagay natin yun sa batas at mahuhuli naman po yun, tsaka makikita naman po kung may duplication man. Siguro nga baka may facial recognition sila Lodgene."

**ATTY. VENUS DE CASTRO** "Your honor, isa pa po, maikli lang. Iyon pong data na nilalagay natin na puwede doon sa digitalization, ano yung mga data na nilalagay natin? Only those appearing in the OSCA ID? Complete name, date of birth, at saka address."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Yun lang naman po."

**ATTY. VENUS DE CASTRO** "Yun lang?"

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Yun lang po, other than that, wala na pong iba."

**ATTY. VENUS DE CASTRO** "Kasi yung data doon sa OSCA ID, open to the public yun, walang violation doon?"

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Wala po. Basic information lang naman po iyon. Anyway, yes, Lods?"

**LODGENE ASUNCION** "Actually mayroon po tayo dito sa Sanggunian, yung ESBR Card, bago natin iimplement yung senior citizen ID, siguro sa IRR nalang naming ilalagay, example po yung mga konsehal, pag nakapag-avail sila o nabigyan sila ng senior citizen ID, qualified na rin silang mag-apply for ESBR card, para hindi na rin po multiple ang process ng application, they are qualified to apply the ESBR card, with the consent of the data subject na pinapayagan niya tayo

na iprocess yung kanilang ESBR card. Ngayon po kasi wala pa po tayong consent form na nag-aapply for senior citizens ID, while pending pa yung approval ng ordinansa."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kanin oba nakarefer yun? IT? Kay councilor Gawaran? Anyway, we will take note on that, follow-up nalang namin sa kanya."

**ATTY. VENUS DE CASTRO** "Your honor?"

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Yes po?"

**ATTY. VENUS DE CASTRO** "Yung mga relocaties po natin, from Bacoor to Naic, kung minsan po yung kanilang OSCA ID..."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Dalawa na?"

**ATTY. VENUS DE CASTRO** "Opo, then kinakansel na."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kapag dalawa na, nag register na sila sa Naic, kailangan na natin icancel yung dito."

**ATTY. VENUS DE CASTRO** "Yung kanilang allegations naman is, botante naman daw sila ng Bacoor."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Case to case basis naman po tayo doon, technically, pag na relocate, wala nang babalikan dito, so taga doon na sila, kaya lang in consideration, parang by force or by involuntary nalipat sila of the situation, pero ang puso at kultura Bacoor pa rin, kaya ayaw nilang irelinquish ang kanilang membership ng pagiging Bacooreno, kaya hindi sila nag paparegister sa relocation area. Pero once nagparegister sila doon, automatic kinakansel na yung membership dito."

**ATTY. VENUS DE CASTRO** "Tama po kayo, human consideration."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Opo, for human consideration, hindi naman nila ginusto malipat doon, pinilit natin sila ilipat doon para sa kanilang kabutihan at kaligtasan. Anyway, any concern po ay ipadala nalang sa opisina namin, kung ano pa yung mga suggestion or any opinion na iparating sa amin. I'll be asking for motion for adjournment, the honorable gentleman from Molino 1?"

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ** "Motion adjourned."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "It has been moved by honorable Dominguez, that this hearing be adjourned. Any second to the motion? Any objection? Hearing none, motion approved, therefore this hearing is adjourned."

The committee hearing ended at exactly 9:34 a.m.

Prepared by:

RONALDO M. VERONA
Office Staff

Attested by:

**COUNCILOR REYNALDO C. PALABRICA**
Chairman



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
ACT
ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS
0273

Republic of the Philippines
Province of Cavite
**CITY OF BACOOR**
**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

BAGONG PILIPINAS
AWARDEE 8 years in a row!

***Committee on Rules and Privileges, Laws and Ordinances***

**NOTICE OF COMMITTEE HEARING**
**(PROOF OF RECEIPT)**
(November 28, 2025 9:00 AM)
(SP Session Hall)

**Subject:** *AN ORDINANCE FORMULATING THE SYSTEM OF CLEANSING THE DIRECTORY OF SENIOR CITIZENS, PERSONS WITH DISABILITY, AND SOLO PARENT RESIDING IN THE CITY OF BACOOR, CAVITE AND MANDATING THE REGISTRATION OF THE SAID INDIVIDUALS IN THE SAID DIRECTORIES.* **(PCO No. 2025-026) dated (August 04, 2025).**

| NAME | OFFICE | CONTACT # Email Address | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|
| HON. LEVY M. TELA | SP | | [signature] 11/25/25 |
| HON. REYNALDO M. FABIAN | | | [signature] 11-25-2025 \| 1:57 PM |
| HON. ADRIELITO G. GAWARAN | | | [signature] 11/25/25 2:18PM |
| HON. SIMPLICIO G. DOMINGUEZ | SP | | [signature] 11-25-25 |
| HON. HORACIO M. BRILLANTES Jr. | | | [signature] 11-25-25 |
| HON. ROGELIO M. NOLASCO | SP | - | [signature] 11-25-2025 |
| Atty. KIM NYCA R. LOFRANCO OCLS | OCLS | | [signature] 11-25-25 |
| Ms. EMILIANA DR. UGALDE CSWD | CSWD | | [signature] 11-25-2025 |
| Mr. LODGENE ASUNCION E-GOV | Egov \| MIS | | J. Parta 11-25-25 |
| Mr. FERDINIEL ESGUERRA BMIS | BMIS | | [signature] 11-25-25 |
| Atty. VENUS DE CASTRO OSCA NENITA. REYES | OSCA. | | [signature] - 11-25-25 |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |



SCAN ME
STRIKE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg.
Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
ACT
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

Republic of the Philippines
Province of Cavite
**CITY OF BACOOR**
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

BAGONG PILIPINAS

AWARDEE 8 years in a row!

## *Committee on Rules and Privileges, Laws and Ordinances*
## ATTENDANCE OF COMMITTEE HEARING

(November 28, 2025 9:00 AM)
(SP Session Hall)

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Janet Pelma
Date: 01 DEC 2025
Time: 4:41 pm

**Subject:** *AN ORDINANCE FORMULATING THE SYSTEM OF CLEANSING THE DIRECTORY OF SENIOR CITIZENS, PERSONS WITH DISABILITY, AND SOLO PARENT RESIDING IN THE CITY OF BACOOR, CAVITE AND MANDATING THE REGISTRATION OF THE SAID INDIVIDUALS IN THE SAID DIRECTORIES.* ***(PCO No. 2025-026) dated (August 04, 2025).***

| NAME | OFFICE | CONTACT # Email Address | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|
| HON. LEVY M. TELA | | | |
| HON. REYNALDO M. FABIAN | | | |
| HON. ADRIELITO G. GAWARAN | | | |
| HON. SIMPLICIO G. DOMINGUEZ | | | |
| HON. HORACIO M. BRILLANTES Jr. | | | [signature] |
| HON. ROGELIO M. NOLASCO | | | |
| Atty. KIM NYCA R. LOFRANCO OCLS | | | |
| Ms. EMILIANA DR. UGALDE CSWD | CSWD | 09976614165 nerd-barast@yahoo.com | [signature] 11/28/2025 Ross Ariel Rubion |
| Mr. LODGENE ASUNCION E-GOV | | | [signature] 11/28/25 |
| Mr. FERDINIEL ESGUERRA BMIS Christopher R. Rivera | BMIS | | [signature] 11-28-25 |
| NENITA REYES OSCA | | | |
| Atty. Venus D. Decastro | OSCA | attyvenus@gmail.com | [signature] 11-28-25 |
| Mercy L. Manzaida | OSCA | giapaukak143@gmail.com | [signature] 11-28-25 |
| Jose Paulo A. Oracion | E-GOV/MIS | 09219377476 | [signature] 11/28/25 |
| | | | |
| | | | |




SCAN ME

STRIKE AS 1

Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg.
Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727

ACT

UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

*PCO 2025-026 – AN ORDINANCE FORMULATING THE SYSTEM OF CLEANSING THE DIRECTORY OF SENIOR CITIZENS, PERSONS WITH DISABILITY, AND SOLO PARENT RESIDING IN THE CITY OF BACOOR, CAVITE AND MANDATING THE REGISTRATION OF THE SAID INDIVIDUALS IN THE SAID DIRECTORIES.*

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by:
Date: 01 DEC 2025
Time: 4:45 pm







